| Aralin 13 | الدرس الثالث عشر |
|---|---|

## 5. Ang Paniniwala sa Huling Araw

Napapaloob dito ang paniniwala sa lahat ng ipinabatid ni Allah at ng Kanyang Sugo (SAS) tungkol sa mga mangyayari pagkatapos ng kamatayan, gaya ng pagsubok na daranasin ng patay sa loob ng libingan, at pagdurusa o ginhawang daranasin nito sa libingan; at sa mga masasaksihan sa Araw ng Pagkabuhay, gaya ng mga kahila-hilakbot na mga bagay, mga paghihirap, pagtawid sa *sirát*,[1] pagti-timbangan ng mga nagawa, pagtutuos, paggagantimpala, at pagbu-buklat ng mga talaan ng mga mabuti't masamang gawa sa harap ng mga tao: mayroon sa kanilang kukunin ang kanyang talaan sa pamamagitan ng kanang kamay o kaliwang kamay o hindi kaya'y kukunin mula sa likuran.

Napapaloob din doon ang paniniwala sa *hawd*[2] na inuman ng ating Propeta na si Muhammad (SAS), ang paniniwala sa Paraiso at Impiyerno, ang pagkakita ng mga Mananampalataya sa Panginoon nila, ang pakikipag-usap Niya sa kanila, at iba pang mga nasasaad sa Qur'án at mga Hadíth na tunay na nagmula sa Sugo ni Allah (SAS). Kinakailangang sampalatayaan at paniwalaan ang lahat ng mga iyon sa paraang ipinaliwanag ni Allah at ng Sugo Niya (SAS).

## 6. Ang Paniniwala sa Tadhana at Pagtatakda

Ang paniniwala rito ay naglalaman ng apat na sangkap:

1. **Ang Kaalaman.** Na alam ni Allah ang anumang nangyari, ang anumang nangyayari at ang anumang mangyayari. Alam Niya ang mga kalagayan ng Kanyang mga lingkod, ang mga makakamit na biyaya nila, ang mga taning ng kanilang buhay, ang mga gawa nila at ang iba pang mga may kaugnayan sa kanila: walang nakalingid sa Kanya na anuman mula sa mga iyon, gaya ng sinabi Niya (8:75): **"Tunay na si Allah sa bawat bagay ay Nakaaalam."**
2. **Ang Pagsulat.** Ipinasulat ni Allah ang lahat ng itinakda at itinadhana Niyang mangyari, gaya nga ng sinabi Niya (36:12): **"…At ang lahat ay itinala Namin sa aklat na naglilinaw."**
3. **Ang Kalooban.** Maniniwala sa nangingibabaw na kalooban ni Allah: ang anumang niloob Niya ay mangyayari at ang anumang hindi Niya niloob ay hindi mangyayari, gaya nga ng sinabi Niya (3:40): **"Ganyan si Allah, ginagawa Niya ang anumang niloloob Niya."**
4. **Ang Paglikha.** Nilikha Niya ang lahat ng mga umiiral; wala nang tagapaglikha na iba pa sa Kanya at wala nang Panginoon maliban pa sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (6:102): **"Iyan si Allah, ang inyong Panginoon: walang Diyos kundi Siya, ang Tagapaglikha ng bawat bagay; kaya sambahin ninyo Siya, at Siya ang Tagapangalaga ng bawat bagay."**

---

[1] Ito ay daang manipis pa sa buhok at matalas pa sa espada na itatayo sa ibabaw ng Impiyerno at dadaanan ng mga tao.

[2] Ang lawa ng Sugo (SAS). Hindi na mauuhaw kailanman ang taong makainom doon.